DepED
Schools Division of Tabuk City
RELEASED
By: ____
Date: JUL 3 0 2026 Time: 8:05

Office of the Schools Division Superintendent

29 HULYO 2026

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 342, S. 2006**

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026**

Sa: Mga Hepe at Pinuno ng Yunit
Pansangay na Tagamasid ng iba't ibang Programa
Pampurok na Tagamasid
Pinuno ng mga Publiko at Pribadong mga Paaralan (Elementarya at Sekundarya)
Lahat ng kabahagi

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, nakikiisa ang Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Tabuk City sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026 na may temang **"Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon".**sa 1-31 Agosto sa pangunguna ng pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Kawanihan ng Linangan sa Pagtuturo (BLD)."

2. Layunin ng pagdiriwang na:

   a. ganap na maipatupad ang Proklamasyon 1041;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiya ng pamahalaan at pribado ng makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   c. maisulong ang paggamit, pagpapayaman, at intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing pang-edukasyon at pangkultura;
   d. itaguyod ang maingat at wastong paggamit ng Artificial Intelligence (AI) bilang kasangkapan sa pananaliksik, pagkatuto, at paglinang ng kaalaman, kasabay ng patuloy na pagpapahalaga at pagtataguyod sa Wikang Filipino; at
   e. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawaing kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa

3. Tugon ang tema sa taong ito sa mga probisyong nakasaad sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 003, s. 2026 o "Foundational Guidelines on Artificial Intelligence in Basic Education," na naglalayong isulong ang estratehikong integrasyon ng AI applications at websites bilang katuwang sa pagkatuto. Hinihikayat sa probisyong ito ang paggamit ng AI na nararapat ay human-centered, mapanuri sa pabago-bagong kalikasan ng AI (stochastic nature), may mataas na pagpapahalaga sa etika, data privacy, at seguridad upang matiyak ang integridad, inklusibo, at makabuluhang pagkatuto na hindi isinasantabi ang emosyonal na pundasyon ng edukasyon. Sa pamamagitan ng AI mapauunlad ang wika sa panahon ng Artificial Intelligence na kasangkapan sa pagbuo ng mga pananaliksik at mayamang impormasyong bilang pagtataguyod sa wika, kultura, at kasaysayan ng bansa.

4. Ang lahat ay inaasahang tatalima sa mga probisyon ng DepEd Order No. 009, s. 2026, o ang Guidelines on the Implementation of the Three-Term School Calendar in Basic Education upang, ang lahat ng gawain kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ay hindi magiging dahilan ng pagkaantala kundi makatutulong sa pagkamit ng mas mataas na antas ng nkasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral .

5. Hinihikayat ang mga kawani at mga mag-aaral na magsuot ng tradisyonal na kasuotang Filipino o may accent nito sa Pagbubukas ng taunang pagdiriwang na magaganap sa lahat ng opisina at paaralan sa Agosto 3, 2026 bilang biswal na pagpapalakas sa pambansa at kultural na pagmamalaki kasabay ng wika.

6. Ang mga sumusunod ay mungkahing mga gawain para sa mga kaugnay na pamantayan sa pagganap na napapaloob sa iba't ibang aralin at asignatura sa bawat yugto. Hinihikayat ang mga paaralan na isagawa ang mga ito ayon sa alituntunin ng DO 15, s. 2026 sa pagbibigay ng mga gawaing pampagganap gamit ang thematic at integrative approach:

| Baitang | Gawain |
|---|---|
| Unang Yugto (Kindergarten hanggang Baitang 3) | Likhawento at iba pa |
| Ikalawang Yugto (Baitang 4 hanggang 6) | Tahirawan at iba pa |
| Ikatlong Yugto (Baitang 7 hanggang 10) | Biyokasiya, balagtasan, pagsulat/pagsasadula ng mga akda |
| Ikaapat na Yugto (Baitang 11 hanggang 12 | Pananaliksik, palagtasan, pelikulang dokumentaryo at iba pa |

7. Ipinag-uutos ang pinakamalawak na pagpapalaganap ng memorandum na ito.

[redacted]

**CHRISTOPHER C. BENIGNO PhD, EdD, CESO VI**
Assistant Schools Division Superintendent
OIC - Schools Division Superintendent

[redacted]

*cid/dmld//memo_2026buwan_ng_wika_29/07/26*